GRADE IV

# REHIYON VI – KANLURANG VISAYAS

## ALAMIN MO

Tingnan at suriin ang larawan.






Saan mo nakikita ang pagsasayaw sa kalye? May ganito rin bang okasyon sa inyong bayan? Alam mo bang dinarayo ang ganitong kasayahan sa Rehiyon VI.

Sa pag-aaral ng modyul na ito, matututuhan mo ang tungkol sa sumusunod:

- *ang mga lalawigang bumubuo ng rehiyon*
- *lokasyon at topograpiya*
- *ang mga likas yaman at yaman-tao*
- *hanapbuhay at produkto*

## PAG-ARALAN MO

Suriin mo ang mapa.




Ang Visayas ay binubuo ng tatlong rehiyon. Ang Kanlurang Visayas ay isa sa mga rehiyon. Ang mga lalawigang bumubuo rito ay Aklan, Antique, Palawan, Capiz, Iloilo, Negros Occidental. Marami ang lungsod sa rehiyon; Roxas, Iloilo, Bacolod, Bago, Cadiz, Kabankalan, La Carlota, Passi,, Sagay, Puerto Princesaa, San Carlos, Silay, Talisay, Victorias, at Kalibo. Ang Palawan at Puerto Princesa ay naging bahagi ng Rehiyon VI sa bisa ng Utos Tagapagpaganap Blg.429, pero hindi rin naipatupad sa bisa ng Temporary Restraining Order (TRO) na hanggang ngayon ang Palawan ay nanatiling kabilang ng Rehiyon IV-B, ang MIMAROPA.

**Lokasyon at Topograpiya:**

Ang mga lalawigang bumubuo sa Rehiyon VI ay matatagpuan sa malaking pulo ng Panay. Binubuo ang rehiyon ng mga kapatagan at hanay ng mga bundok na naghihiwalay sa mga lalawigan nito. Maraming malalaking ilog na matatagpuan sa rehiyon. Tag-init ang klima rito mula Nobyembre hanggang Abril at tag-ulan sa ibang bahagi ng taon. Ang klima at kahabaan ng kanlurang baybayin nito ay may magkasinghabang panahon ng tag-ulan at tag-init. Samantalang sa timog silangan nito ay may tatlong buwang tag-init at maulan naman sa ibang buwan. Ito ay ang Ilog ng Aklan, Simbalon, Jaro, Binalbagan at Ilog ng Bago.

**Produkto at Hanapbuhay:**

Ang pangingisda ay isa sa mga pangunahing hanapbuhay ng Rehiyon VI. Mula sa mga dagat na nakapalibot sa rehiyon, nakakakuha ng saganang isda ang mga tao. Ang malalaking pangisdaan ng rehiyon ay nasa kanlurang baybayin ng Negros Occidental, Barotac Nuevo, Concepcion, Nueva Valencia at Estancia sa Iloilo. Pinagkakakitaan din sa rehiyon ang pag-aalaga ng sugpo. Ang sugpo ay iniluluwas sa ibang bansa tulad ng Hapon at Taiwan. Sa kapatagan, pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao. Palay, tubo at niyog ang mga pangunahing produkto. Kumikita rin sila sa paghabi ng telang pinya at jusi. Kilala sa paghahabi ng jusi ang kababaihan sa Aklan at Iloilo.

Dinarayo ng mga turista ang kilala at magandang Boracay sa Aklan.

Maliban sa yamang-tubig, matatagpuan din sa kabundukan ang iba't ibang metal at di-metal na mineral.

## PAGSANAYAN MO

A. Isulat ang sagot sa sagutang kuwaderno.

1. Itala ang mga lalawigang bumubuo ng Rehiyon VI.
2. Ano-ano ang lungsod na matatagpuan sas Rehiyon VI?
3. Ano-ano ang malalaking ilog na matatagpuan sa Rehiyon VI?
4. Sa anong mga tanawin kilala ang Palawan?

B. Punan ng tamang sagot ang bawat patlang. Isulat ang sagot sa sagutang kuwaderno.

1. Ang mga lalawigang bumubuo sa Rehiyon VI ay matatagpuan sa pulo ng _______________.
2. Maraming turista ang nagpupunta sa kilala at magandang Boracay sa _______________.
3. Ang rehiyon ay may dalawang uri ng klima, ang tag-init at ___________.
4. Sa kapatagan ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao ay ___________.
5. Napalilibutan ng dagat ang rehiyon, _____________ ang hanapbuhay ng mga tao rito.

**TANDAAN MO**

- *Anim na lalawigan ang bumubuo sa Rehiyon VI. Ito ang Aklan, Antique, Capiz, Iloilo, Negros Occidental at Guimaras*
- *May bundok at kapatagan sa Rehiyon VI. Napapalibutan din ng mga karagatan.*
- *Pagsasaka at pangingisda ang pangunahing hanapbuhay sa Rehiyon VI*

**ISAPUSO MO**

Saang lugar sa Rehiyon VI gusto mong manirahan? Bakit?



**GAWIN MO**

A. Pag-aralan ang mapa ng Rehiyon VI.

1. Bakatin ito sa isang malinis na papel.
2. Sa nabakat na mapa ng Rehiyon VI dikitan ng butil ng mais/buto ng ipil-ipil ang paligid ng bawat lalawigan ng bumubuo ng Rehiyon VI. Lagyan ng pangalan ng bawat lalawigan.
3. Ipakita sa guro ang iyong natapos na gawain.

B. Awitin ang sumusunod sa himig ng "Leron, Leron Sinta".

Dito sa Rehiyong Anim
Probinsiya'y anim din
Dagat ay sagana
Sa hipon at isda
At sa kapatagan
Taniman ng Palay
Meron pang niyugan
Maraming tubuhan.



**PAGTATAYA**

Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang kuwaderno.

1. Napaliligiran ng karagatan ang mga lalawigan na bumubuo sa Rehiyon VI. Paano ibinabagay ng mamamayan ang kanilang hanapbuhay?
   A. Pagsasaka ang kanilang hanapbuhay
   B. Pagtitinda ang kanilang hanapbuhay
   C. Pananahi ang kanilang hanapbuhay
   D. Pangingisda ang kanilang hanapbuhay

2. May mga kapatagan sa Rehiyon VI. Alin ang kanilang pangunahing produkto?
   A. saging, palay, tubo
   B. tubo, palay, niyog
   C. niyog, palay, saging
   D. palay, mais, tubo

3. Maraming turista ang pumupunta sa Boracay, alin ang tamang pangangalaga sa pook?
   A. Patayuan ng maraming kabahayan ang pook
   B. Patayuan ng mga tindahan sa tubig dagat
   C. Panatilihin itong malinis at maganda
   D. Putulin ang mga niyog sa tubig-ilog.

4. Alin sa sumusunod ang mga lungsod sa Rehiyon VI?
   A.Roxas City, Bago City, Bacolod City
   B. Iloilo City, Cebu City, Cadiz City
   C. Dumaguete City, Passi City, Silay City
   D. Kalibo City, San Jose City, Tanjay City

5. Alin sa sumusunod ang lalawigan ng Rehiyon VI?
   A. Leyte at Cebu
   B. Capiz at Aklan
   C. Mindoro at Antique
   D. Negros Oriental at Negros Occidental




## KARAGDAGANG GAWAIN

1). Gawin ang sumusunod na gawain sa kuwaderno. Ihambing ang Kanlurang Visayas sa rehiyong kinabibilangan ng inyong lugar. Punan ang tsart sa ibaba.

| Rehiyon | Likas na Yaman | Hanapbuhay | Produkto |
|---|---|---|---|
| Rehiyon VI | | | |
| Rehiyon ______ | | | |

2). Ilarawan ang sariling pamayanan sa pamamagitan ng isang mapa. Gumamit ng pananda (legend) para sa mga matatagpuan dito.

- katangiang pisikal (ilog, bundok, bukid)
- likas na yaman
- produkto
- iba pa



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.